# Supplemental Security Income (SSI) Para Sa Mga Hindi Mamamayan

## Sino ang makakakuha ng Supplemental Security Income (SSI)?

Kadalasan, kung ikaw ay hindi isang mamamayan sa isa sa ilang mga kategoriya ng imigrasyon na ipinagkaloob ng Department of Homeland Security, maaari ka maging kwalipikado para sa SSI kung:

- Legal kang nakatira sa Estados Unidos noong ika-22 ng Agosto 1996, at ikaw ay bulag o may kapansanan;
- Ikaw ay tumatanggap ng SSI noong ika-22 ng Agosto 1996, at legal kang naninirahan sa Estados Unidos; o
- Legal kang pumasok para sa permanent residence (permanenteng paninirahan) sa ilalim ng Immigration and Nationality Act (INA) at sa kabuuan ay mayroon kang 40 kredito ng trabaho sa Estados Unidos. (Maaari ring mabilang ang trabaho ng iyong asawa o magulang.)

***Mahalaga:*** *Kung ikaw ay pumasok ng Estados Unidos noon o bago ng ika-22 ng Agosto 1996, ikaw ay maaaring hindi kwalipikado para sa SSI sa unang limang taon bilang isang legal na permanent resident kahit na ikaw ay may 40 kwalipikadong kredito ng kita.*

Ang ilang mga hindi mamamayan na maaaring maging kwalipikado para sa mga pagbabayad ng SSI ay:

- Mga miyembro ng aktibong paglilingkod ng U.S. armed forces (sandatahang lakas ng U.S.);
- Mga hindi mamamayan na miyembro ng mga pederal na kinikilalang Indian tribe;
- Ilang mga hindi mamamayan na pumasok bilang mga Amerasian na imigrante; at
- Mga Cuban o Haitian na pumasok sa ilalim ng Refugee Education Assistance Act.

Mayroon ding ilang mga hindi mamamayan na maaari ring kwalipikado para sa mga pagbabayad. Kung ikaw ay hindi mamamayan at nais mong mag-aplay para sa mga benepisyo ng SSI, ang pinakamaiging gawin ay ang kontakin kami upang malaman kung ikaw ay kwalipikado.

## Pitong taong limit para sa ilang mga hindi mamamayan

Ang ilang mga refugee at ibang mga hindi mamamayan ay maaaring makakuha ng SSI nang hanggang pitong taon. Kung ang iyong pagtanggap ng SSI ay limitado sa hanggang pitong taon dahil sa iyong partikular na hindi mamamayan na kalagayan, papadalhan ka namin ng sulat na magsasabi sa iyo kung kailan magtatapos ang iyong pitong taon na panahon. Papadalhan ka namin ng isa pang sulat na magpapaliwanag ng iyong mga karapatan sa pag-apela bago namin ihintô ang iyong mga pagbabayad.

Kung ikaw ay kasalukuyan o dating tumatanggap ng SSI na mapapasailalim sa pagiging kwalipikado sa SSI nang hanggang pitong taon ang limit, hinihikayat ka namin na makipag-alam sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) upang malaman kung paano:

- Pabilisin ang proseso ng iyong nakabinbing naturalization (N400) o i-adjust ang status (I-485) ng aplikasyon; at
- I-waive (hindi na kailangang bayaran) ang mga singil sa gastos na may kinalaman sa pag-file ng iyong aplikasyon.

Ikaw (o ang iyong kinatawan) ay maaaring tumawag sa USCIS nang libre sa **1-800-375-5283** (hintayin ang mga SSI opsyon sa main menu), o kaya sa **1-800-767-183**3 kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig (TTY), at humiling ng pinabilis na proseso. Maaari ka ring humiling ng pinabilis na proseso sa pamamagitan ng pagsulat, o kaya sa pagpunta sa opisina ng USCIS sa iyong lugar. Siguraduhing sabihin sa kanila na ikaw ay kasalukuyan o dating tumatanggap ng SSI. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa mga waiver fee, tumawag sa USCIS sa libreng numerong matatawagan na ipinapakita sa itaas, makipag-alam sa opisina ng USCIS sa iyong lugar o bisitahin ang USCIS website sa ***www.USCIS.gov/feewaiver***.

## Mga kredito ng trabaho

Ang kasaysayan ng trabaho ng isang tao ang tumitiyak ng kanyang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo sa Social Security, at ang pagiging kwalipikado para sa SSI ng ilang mga hindi mamamayan. Ang isang tao ay makakakuha ng "mga kredito sa trabaho" batay sa halaga ng perang kinita. Ang halagang kailangan upang makakuha ng isang kredito ng trabaho ay tumataas nang kaunti bawat taon habang ang mga karaniwang antas ng mga kinikita ay tumataas.

Para sa mga benepisyo ng Social Security, ang isang tao ay maaaring makakuha ng hindi lalabis sa apat na kredito bawat taon. Ang limit na ito sa mga kredito ay hindi umaaplay sa mga benepisyo ng SSI para sa mga hindi mamamayan. Ang isang hindi mamamayan ay maaari ring makatanggap ng hanggang apat na karagdagang kredito bawat taon mula sa trabaho ng asawa o magulang.

Ang mga kredito ng trabaho ay nananatili sa rekord ng Social Security ng isang tao nang walang takdang panahon. Ang karagdagang mga kredito ay hindi itinatalaga sa rekord ng trabaho ng isang hindi mamamayan at hindi isinasama sa mga benepisyo ng Social Security. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang *Papaano Kinikita Ang Credits* (SSA Publikasyon Blg. 05-10072-TL).

(kabila)

## Kailangan namin ng katunayan ng iyong katayuan

Kapag mag-aaplay ka para sa SSI, dapat mong patunayan ang iyong hindi mamamayan na katayuan. Ang mga hindi mamamayan na naglingkod sa U.S. armed forces ay maaaring kailangan din magbigay sa amin ng katunayan ng serbisyong militar. Ang mga ito ay mga halimbawa ng mga bagay na maaaring kailangan mong ibigay:

- Bilang katunayan ng iyong hindi mamamayan na katayuan —isang pangkasalukuyang I-94 o I-551 na Porma mula sa Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sariling-bayan) (DHS) o isang orden mula sa isang huwes ng imigrasyon na pumipigil sa deportation (pagpapaalis sa bansa) o nagbibigay ng asilo; o
- Bilang katunayan ng serbisyong militar—mga papeles ng discharge (pagpapauwi) mula sa militar ng U.S. (DD na Porma 214) na nagpapakita ng isang honorable discharge (marangal na pagpapauwi) na hindi batay sa iyong hindi mamamayan na katayuan.

Masasabi sa iyo ng iyong lokal na tanggapan ng Social Security ang ibang mga uri ng ebidensiyang maibibigay mo upang patunayan ang iyong katayuan.

## Impormasyon tungkol sa Medicaid

Kung mayroon kang coverage ng Medicaid batay sa iyong SSI, dapat magpatuloy ang iyong Medicaid hangga't kumukuha ka ng SSI.

## Maaari kang mag-file ng bagong claim

Kung ang iyong mga pagbabayad ng SSI ay huminto dahil ikaw ay hindi kwalipikadong hindi mamamayan, maaari kang umaplay muli. Tawagan mo kami kaagad oras na ikaw ay naging mamamayan ng U.S., kung ang iyong pang-imigrasyong katayuan ay nagbago at kung sa palagay mo'y kwalipikado ka, o kung mayroon kang 40 kredito ng trabaho. Dapat mong dalhin sa amin ang iyong sertipiko ng naturalisasyon o ibang mga dokumento na nagpapakita ng iyong pang-imigrasyong katayuan.

## Kung mayroon kang isponsor

Noong pumasok ka sa Estados Unidos, maaaring mayroon kang hinilingang pumirma ng isang kasunduan upang magbigay ng suporta sa iyo. Ang kasunduan na ito ay tinatawag na affidavit of support, at sang taong pumirma nito ay tinatawag na iyong isponsor.

Itinuturing naming iyo ang kinikita at mga pag-aari ng iyong isponsor at ng kanyang asawa mula sa panahong dumating ka sa Estados Unidos. Ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security ay maaaring makapagbigay sa iyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga alituntuning ito at kung ano ang kahulugan ng mga ito para sa iyo.

## Mga numero ng Social Security

Kung ikaw ay isang legal na pumasok na hindi mamamayan na may permisong magtrabaho sa Estados Unidos, maaaring kailangan mo ng numero ng Social Security. Hilingin ang *Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-10096-TL).

## Pagiging mamamayan

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano maging isang mamamayan ng Estados Unidos, tumawag sa libreng matatawagang numero ng United States Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa **1-800-375-5283** (para sa bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang TTY na numero sa **1-800-767-1833**). Maaari rin kayong makipag-alam sa opisina ng USCIS sa iyong lugar o bisitahin sila online sa ***www.uscis.gov***.

## Paano matatawagan ang Social Security

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa SSI para sa mga hindi mamamayan, tingnan ang aming "karagdagang impormasyon" na page na online sa ***www.socialsecurity.gov/pubs/11051-sup.html***.

Ang aming website ay naglalaman ng mahalagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga programa ng Social Security. May ilang mga bagay na magagawa mo online.

Bukod pa sa paggamit ng aming website, maaari ka rin tumawag sa amin nang libre sa **1-800-772-1213**. Tinatrato naming lihim ang lahat ng mga tawag. Masasagot namin ang mga takdang katanungan mula 7 ng umaga hanggang 7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapagbibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng de-pindot na serbisyo ng telepono 24 oras bawat araw. (Maaari mong gamitin ang aming automated response system upang sabihin sa amin ang bagong address o humiling ng kapalit ng Medicare card.) Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari mong tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmomonitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-11051-TL
Supplemental Security Income (SSI)
For Noncitizens (Tagalog)
April 2008